

Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuarter 3

Aralin

3

Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8
Kuwarter 3: Aralin 3 (Linggo 3)
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon..

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Piedad O. Diola

Tagasuri:

- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

BANGHAY ARALIN

Araling Panlipunan Kuwarter 3 Ikatlong Linggo Baitang 8

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga pangyayari at isyung pampolitika sa daigdig na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya ng mga mamamayan
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Nakalilikha ng adbokasiyang may kaugnayan sa mga isyu at hamong pampolitika at pansibiko na nagpapatatag sa diwa ng demokrasya
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	<i>Mga Kasanayan</i> <i>Nasusuri ang ideolohiyang totalitarianismo bilang banta sa demokratikong pamamahala.</i> 1. Nakapaglalogom ng katuturan, epekto at implikasyon sa kasaysayan ng Pasismo, Komunismo, Nazismo at Militarismo sa buong daigdig. 2. Natutukoy ang mga dahilan kung bakit ginamit ang Pasismo, Komunismo, Nazismo at Militarismo ng mga bansang Italy, China, Russia, Germany at Japan. 3. Nakapagsasagawa ng mga pangkatang-gawain upang matalakay ang konsepto ng Totalitarianismo, Pasismo, Komunismo, Nazismo at Militarismo.
D. Nilalaman	1. Banta ng Totalitarianismo sa Demokratikong pamamahala. 2. Katuturan, Epekto at Implikasyon sa kasaysayan ng mga bansang yumakap sa Pasismo, Komunismo, Nazismo at Militarismo.
E. Integrasyon	Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala (Power, Authority, and Governance)

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Ball, T. and Dagger, . Richard (2024, May 16). communism. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/topic/communism>

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, May 16). Nazism. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/event/Nazism>

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, April 17). Meiji Restoration. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/event/Meiji-Restoration>

Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, April 19). totalitarianism. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/topic/totalitarianism>

Tarling, N. (Ed.). (1999). *The Cambridge history of Southeast Asia: Volume 2, the nineteenth and twentieth centuries*. Cambridge University Press.

Toyoda, T. , Notehelfer, . Fred G. , Masamoto, . Kitajima , Hijino, . Shigeki , Jansen, . Marius B. , Latz, . Gil , Sakamoto, . Taro , Masai, . Yasuo , Watanabe, . Akira and Hurst, . G. Cameron (2024, May 22). Japan. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/place/Japan>

Soucy, R. (2024, April 19). fascism. Encyclopedia Britannica. <https://www.britannica.com/topic/fascism>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

MGA TALA SA GURO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman

Unang Araw

1. Maikling Balik-aral

Gawain: PLashCARD Match

Ilalagay sa mga flashcsrd/placard ang mga sumusunod na salita at ang katuturan/kahulugan/paliwanag ng mga ito. Ibibigay sa mga mag-aaral ang mga flashcards upang mahanap nila ang magkatugmang konsepto.

SPANISH FLU

14 POINTS

THE BIG FOUR

LEAGUE OF NATIONS

GREAT DEPRESSION

Batayang Kasagutan:
Spanish Fle – BOX 1
14 Points – BOX 5
The Big Four – Box 4
League of Nations – BOX 2
Great Depression – BOX 3

	Sakit na lumaganap matapos ang World War 1 na timatayang pumatay sa humigit-kumulang na 100 milyon Itinatag ng mga bansang kasangkot sa World War I upang matulungang makabangon ang mga bansang biktima ng digmaan. Naranasan ng bansang Amerika ang pagbagsak ng ekonomiya, kawalan ng trabaho at implasyon Sina Woodrow Wilson, George Clemenceau, Victorio Orlando at Lloyd George ay kinilala sa kasaysayan bilang ang _____ Tinawag na _____ ang ilang bahagi ng talumpating pangkapayapaan na binigkas ng Pangulo ng Amerika noong 1918.	
B. Paglalahad ng Layunin	1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Gawain: Ipakita ang larawan ng Malacanang Palace. Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang sinisimbolo ng lugar na ito para sa Pilipinas. Sumisimbolo sa PAMAHALAAN (ng Pilipinas) 1. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin Pamahalaan - isang katawan o grupo ng mga taong namamahala ng isang komunidad o estado at nag-oorganisa ng sistema nito. Kadalasang nagtataglay ang gobyerno ng	<i>Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:</i> <i>Humanapa ng litrato malacanang palace logo</i>

	tatlong sangay—ang lehislatura (tagapagbatas), ehekutibo (tagapagpaganap), at hudikatura (panghukuman). Totalitarianismo - isang konseptong ginamit ng ilang siyentipikong politikal kung saan hawak ng estado ang kabuuang awtoridad sa lipunan at nagtangkang kontrolin ang lahat ng aspekto ng pampubliko at pribadong buhay hanggang sa maaari. Pasismo - nailalarawan ito bilang isang diktadurang kapangyarihan, sapilitang pagsugpo ng pagtutol, at malakas na pagbuo ng rehimen at lipunan. Ang pasismo ay laban sa anarkismo, demokrasya, liberalismo, at Marxismo. Komunismo - ay pampulitikang ideolohiya na nilalayon ang pagtatatag ng kaayusang sosyo ekonomiko na nakabalangkas sa ideya ng pag-aaring pangkaraniwan (common) at istilo ng produksyon at pagkawala ng salapi, estado, at uring panlipunan Nazismo - ang ideolohiya at gawaing kaugnay ng ika-20 siglong Partido Nazi sa Alemanya at estadong Nazi pati na rin ng iba pang mga sukdulang-kanang grupo. Militarismo - isang paniniwala o sistema na nagbibigay-diin sa kapangyarihan ng hukbong sandatahan at nagpapahalaga sa mga gawain nito higit sa ibang aspeto ng lipunan. Suhestyon sa Pagtalakay ng Bokabolaryo Gawain: PamaHULAAN Maghanda ang guro ng apat na maliliit na paper bags. Sa loob ng bawat paper bag ay may mga <i>key words</i> na kung saan isa-isang kukunin ng mga mag-aaral at susuriin. Kapag nakuha/nabasa na ang lahat ng key words, kinakailangan hulaan ng ibang pangkat ang salita gamit ang ang mga clues. Clues: Paper Bag 1: kontrolado ang lahat ng aspekto ng buhay; diktaturyal walang pag-aari ang mga mamamayan Paper Bag 2: Bansang Japan; hukbo; mga armas Paper Bag 3: Italy;diktaturyal; sapilitang pagtutol; mahigpit na pamamalakad Paper Bag 4: Germany; Hitler; Nazi Paper Bag 5: Russia; China; sosyo-ekonomiko; Marxism.Leninism	Maaaring ilita sa pisara ang mga sagot ng mag-aaral. Pagkatapos ay ipakilala ang susing salita:
--	--	--



PAMAHALAAN


image paper bag.
(n.d.).
<https://www.shutterstock.com/search/paper-bag>

Batayan ng
Kasagutan:
Bag 1:
Totalitarianismo
Bag 2: Militarismo
Bag 3: Pasismo
Bag 4: Nazismo
Bag 5. Komunismo

C. Paglinang at Pagpapalalim	Unang Araw Kaugnay na Paksa 1: Katuturan ng Totalitarianismo _ 1. Pagproseso ng Pag-unawa TOTALITARYANISMO • Sa isang Totalitarian na Lipunan, ang pamahalaan ang may hawak o kontrol sa lahat ng aspekto ng pamumuhay ng mga tao. • Mayroong itinakdang pangkat ng paniniwala na kung saan dapat na sundin at kung hindi man masunod ay dapat na harapin ang kahihinatnan nito. • Nakilalang higit ang anyong ito ng pamahalaan noong taong 1920's na kung saan lumitaw ang kapangyarihan Pasismo sa Italy at Nazi sa Germany. Dahilan ng Pagkakatatag ng Totalitarianismo • Unang ginamit ang sistemang ito noong sinaunang panahon tuwing may mga kagipitan o labanan at may pangangailangang magtakda ng isang punong militar na may kapangyarihang diktatorial. Epekto ng Pagkakatatag ng Totalitarianismo • Nalimitahan ang mga natatanging karapatan tulad ng malayang pagkilos, pagsasalita, pagpapahayag ng paniniwala, at pagsalungat sa gobyerno. • Inaasa na lamang ng mga tao ang pagpapasya sa usaping pangangasiwa at ang pamamalakad sa pamahalaan Implikasyon ng Totalitarianismo sa Kasaysayan at sa Kasalukuyan • Dahil sa walang nahahawakang ari-arian ang mga mamamayan dahil lahat ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga pagawaan ay pagmamay-ari ng gobyerno, nanatiling nakaasa ang mga mamamayan sa kung ano ang ibibigay ng pamahalaan. • Hindi maaaring humawak ng negosyo ang indibidwal at malaki ang epekto nito sa pamumuhay ng mga tao. 2. Pinatnubayang Pagsasanay Gawain: Total Recall <i>(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel ang gawain)</i> Paglalapad at Pag-uugnay • Pamahalaang Diktatorial	Pinagkunan ng mga larawan at maiikling paliwanag para sa Totalitarianismo, Pasismo, Komunismo https://www.youtube.com/watch?v=N1R-Z3sacMc Pinagkunan ng mga larawan para sa Nazismo https://www.youtube.com/watch?v=fjn8i_Z4lRs Pinagkunan ng mga larawan para sa Militarismo <i>militarismo. (n.d.).</i> https://www.alamy.com/stock-photo/japanese-militarism.html?blackwhite=1&sortBy=relevant. Maaari ding magpanood ng video para sa karagdagang impormasyon sa Totalitarianismo https://www.youtube.com/watch?v=a_gKByDQR_0 https://www.youtube.com/watch?v=y0C-PbMOKiY
--	---	---

	Kadalasang nangangahulugan bilang isang autokratikong anyo ng pamahalaan na pinamumunuan ng isang indibidwal (diktador) ang isang pamahalaan na walang limitasyon. • Ang diktador ay namumuno sa sangay ng Lehislatura at Hudikatura at .Ehekutibo • Ang diktador ay namumuno ayon sa kanyang kagustuhan at hindi sa kalooban ng mamamayan. • Ang diktador ay isang tagamuno ng isang bansa o estado pag oras ng mga malalaking pangyayari katulad ng digmaan. Madalas sila nakakakuha ng kapangyarihan sa pamamagitan ng himagsikan, ngunit ang iba ay nagiging diktador sa paraan ng eleksyon.. • Pamahalaan na pinamumunjan ng isa tao o isang maliit na pangkat ng mga tao. • Sa makabagong gamit, tumutukoy ang diktadura sa isang autokratikong uri ng lubusan pamamahala ng isang pamunuan na hindi pinipigilan ng batas, konstitusyon, o ibang panlipunan o pampolitikang dahilan sa loob ng estado. • Karaniwan ding tinutukoy ang Diktaturyal na pamahalaan na kabaligtaran ng demokrasya. • Hindi maaaring bumuo ng pangkat o unyon ang mga manggagawa o magdaos ng pulong. • Tanging ang pamahalaan lamang ang tanging maaaring magpasya para sa kanyang nasasakupan. Gawain: Compare Me Not (Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel) Ikalawang Araw Kaugnay na Paksa 2: Komunismo sa Russia at China Katuturan ng Komunismo Pagproseso ng Pang-unawa Pambungad • Sa isang komunistang bansa, hindi pinapayagan ang mga mamamayan na makilahok sa pamahalaan. Hindi sila nagtataglay ng mga karapatan at itinuturing silang walang kalayaan. Higit na tinatangkilik ng mga bansang hindi maunlad ang komunismo. Marahil, naimpluwensyahan sila ng paniniwalang sa lipunang komunismo, pantay-pantay ang mga tao. • Sa kasalukuyan, nagkaroon na ng ilang pagbabago sa kaisipang komunismo, lalo na sa larangang pangkabuhayan at paggawa. Ilan sa mga pagbabagong ito ang	Karagdagang sanggunian <i>totalitarianism.</i> (n.d.). https://www.britannica.com/search?query=what+si+totalitarianism. Para sa gawaing ito: Sa ibang lipunan, karaniwan nang binabanggit na kapag ang pamahalaan ay isang <i>totalitarian</i>, iniuugnay din ito sa pamahalaang diktaturyal may kinalaman sa sistema ng pamamahala.
--	---	--

	pagbibigay ng iba't-ibang pasahod batay sa magagawa ng trabaho ng bawat manggagawa at pinapayagan din ang mga tao na magkaroon ng sariling negosyo. Halimbawa, sa Yugoslavia at Hungary pinapayagan na ng mga opisyal ng pamahalaan ang mga propesyonal at ang may-angking kakayahan na magtayo ng mga industriya at negosyo Komunismo sa Russia • Sumikat noong 1800's dahil kina Karl Marx at Friedrich Engels at sa kanilang mga aklat na The Communist Manifesto at Principles of Communism • Nag-ugat ang ideolohiyang komunismo sa Russia noong panahon ng mga Tsar. Ayon sa nasusulat sa kasaysayan, sa ilalim ng Tsar, ang Russia ay naging makapangyarihan. • hindi pinapayagan ang mga mamamayan na makilahok sa pamahalaan. • Hindi sila nagtataglay ng mga karapatan at itinuturing silang walang kalayaan. • Higit na tinatangkilik ng mga bansang papaunlad ang komunismo. Marahil, naimpluwensyahan sila ng paniniwalang sa lipunang komunismo, pantay-pantay ang mga tao. • Sa Russia, tinutukoy din ang sistemang pangkabuhayan kung saan ang produksyon, distribusyon at kalakalan ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal. • Ang tagapagpaganap ng batas ay iba sa kinikilalang pinuno ng pang seremonya ng bansa. Ang Pang Seremonya Ng Pinuno ay maaring isang pangulo, hari o reyna. • Ito ay isang uri ng pamahalaan na kung saan ay ang pamamalakad ay nasa kamay ng isang grupo ng tao. Komunismo sa China • Ang komunismo sa Tsina ay nagsimula pagkaraan ng Unang Digmaang Pandaigdig. Nakuha ng partidong komunista ang Kalupaang Tsina noong Oktubre 1, 1949 pagkatapos ng Digmaang Sibil ng Tsina. Si Mao Zedong ang nag-proklama ng pagtatag ng Republikang Bayan ng Tsina (RBT) sa Tiananmen. • Bago pa man naging Komunistang bansa ang China, dumaan na ito sa kabi-kabilang digmaan at pagpapalit-palit ng dinastiya., • Maunlad ang ekonomiya bagaman malaki ang populasyon nito • Ang pamahalaan ng Tsina ay itinuturing na Komunismo at Sosyalismo na may kahalo ding Awtoritarianismo, dahil sa mahigpit na mga batas at <i>censorship</i>, lalo na sa internet, balita, rali, kalayaang magka-anak, at kalayaan sa pananampalataya.	Karagdagang Sanggunian Editors of Encyclopedia Britannica. (2024a, May 9). <i>dictatorial government</i>. https://www.britannica.com/topic/dictatorship Karagdagang babasahin/sanggunian <i>communism in russia</i>. (n.d.). https://www.britannica.com/place/Russia/The-Civil-War-and-War-Communism-1918-21. <i>communism in china</i>. (n.d.). https://www.britannica.com/search?query=communism+in+china. <i>Communism</i>. (n.d.). https://www.wikiwand.com/tl/Communism#google_vignette Karagdagang Sanggunian: Reynolds, S. [et al]. (n.d.). <i>Communism in China</i>. https://www.britannica.com/topic/history-of-China/The-early-republican-period
--	---	---

	• Ang bansa ay pinamumunuan ng Partido Komunista ng Tsina; sila din ang nagpapatupad ng Saligang Batas sa bansa. • Noong 1949, kinuha ni Mao Zedong ang kontrol sa Tsina anuoa't ipinahayag na ang Republika ng Tsina (PRC - People's Republic of China) bilang isang Komunistang bansa. • Lumaganap ang ideolohiyang Komunismo hindi lamang sa mga pangkaraniwang mga magsasaka at manggagawa kundi pati na din sa mga opisyal ng pamahalaan at sa grupo ng mga edukadong Tsino. • Madaming Tsino ang yumakap sa komunismo dahil sa mga panahong pumasok ang ideolohiyang ito ay unti- unti nang nawawala ang tiwala nila sa pamumuno ni Chiang Kai Shek dahil sa laganap na katiwalian sa pamahalaan at malawakang kahirapan na dinaranas sa bansa • Hanggang noong 1949, ang China ay tinawag na Red China dahil sa pagkontrol ng Partido Komunista maging sa mga repormang pang-ekonomiya ng bansa at pinalawak na teritoryo nito. • Dala na din ng kasaysayan ng pagiging isang Komunistang bansa, ang China sa kasalukuyan ay isa sa pinaka industriyalisadong bansa at may malaking impluwensya sa ekonomiya sa maraming bansa sa Asya. Pinatnubayang Pagsasanay Gawain: Rise and Fall Ladder Chart (Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel) Paglalatapat at Pag-uugnay Gawain: Talk To Me (Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel) Ikatlong Araw Kaugnay na Paksa 3: Pasismo sa Italy at Nazismo sa Germany Katuturan ng Pasismo at Nazismo Pagproseso ng Pag-unawa Suriin ang mga larawan at upang magamit sa talakayan.  PASISMO SA ITALY  NAZISMO SA GERMANY	Pinagkunan ng larawan <i>world leaders.</i> (n.d.). https://www.france24.com/en/asia-pacific/20220204-china-s-xi-jinping-to-meet-russia-s-vladimir-putin-as-tensions-grow-with-west. Karagdagang babasahin/sangunian <i>fascism italy.</i> (n.d.). https://www.britannica.com/search?query=fascism+in+italy. Pinagkunan ng larawan para sa Nazism https://www.britannica.com/event/Nazism Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:
--	---	---

	PASISMO - isang anyo ng pamahalaan na pinamumunuan ng isang diktador. Kinapapalooban ng kabuuang pagkontrol sa politika, ekonomiya, kultura, relihiyon at panlipunang gawain. Maaaring magtamo ang mga indibidwal ng negosyo o maging bahagi ng industriya ngunit nasa ilalim pa din ng kontrol ng pamahalaan. Pasismo sa Italya • Nang magka krisis pampulitika ang Italya noong 1919 pagkatapos ng Unang Digmaang pandaigdig, nagbigay ito ng pagkakataon para sa mga mikitanbte na bumuo ng mga makabayang kilusan kasama ng mga sundalo at mga <i>Pro-War Agitator</i>. • Pinangunahan ni D'Annunzio sa Fiume (na ngayon ay bahagi na ng Croatia) ang mga kilusang ito ngunit ang Sosyalistang mamamahayag na si Benito Mussolini ay nakapagtatag na nga mga ligang lumalaban na kalaunan ay nakilala bilang mga Pasista. • Ang una bilang sang kilusang republikano, ang ikalawa naman ay isang diktatorial na pamahalaan • Bagaman hindi naging matagumpay nung una, nagsimulang lumabas sa mga lansangan ang mag Pasista at nagsimula ng kaguluhan • Naging abala sa pagbuwag ng mga Unyong Sosyalisya, kooperatiba at manggagawa ang mga Pasista. • Gumamit ng sistematikong paraan tukad ng oagsusuuot ng unipormeng itim at pakikipagsabwatan sa mga may-ari ng lupa upang para wasain ang mga organisasyong lumalaban sa Pasismo • Dahil sa mga kaguluhan ito, marami ang nabugbog, kinulong at napatay pa nga. • Minanipula ito ni Mussolini at hinangad ang pagkakasundo. Unti-unti dahil sa mapanlinlang na ahunin, ginawa niya ang kanyang sarili bilang ang “kinakailangang nilalang” (<i>indispensable</i>)_at kinuha ang mga malalakas na iskwad ng iba pang lungsod sa Italya. • Sa sumunod na mga taon, nagkaroon ng madugong pagpatay at binuwag ni Mussolini ang mga konstitusyonal na pananggalang ng Italya • Ang mga halalan ay inalis. Nawala ang malayang pananalita at malayang pagsasamahan, at binuwag ng Pasistang gobyerno ang mga partido at unyon ng oposisyon.	• <i>Humanapa ng litrato ng Pasismo sa Italy.</i> Batayan ng Kasagutan: 1. Mali 2. Tama 3. Tama 4. Tama 5. Mali 6. Tama 7. Tama 8. Mali 9. Mali 10. Tama Pinagkunan ng larawan: <i>militarism.</i> (n.d.). https://www.slideshare.net/hyeongian/unang-digmaang-pandaigdig-232393534. Karagdagang Babasahin'/Sanggunian <i>militarism japan.</i> (n.d.). https://www.britannica.
--	---	---

	• Noong panahon naman ng World War II, naobserbahan ni Mussolini ang pag-unlad sa digmaan ni Hitler at ng Germany. Bawat tagumpay ng Germanyc ay nagbigay sa kanya ng personal na inggit • Nang sumulong ang Germany patungong kanluran at ang France ay nasa binggit na ng pagbagsak, nagdeklara ito ng digmaan sa Germany noong Hunyo 10, 1940. • Kalaunan, tinalo ng mga German si Mussolini at ang hukbo nito. Pinatay si Mussolini sa pamamagitan ng pagbigti sa kanya nang pabaligtad sa Plaza ng Milan. • Maraming Italyano ang nagbunyi sa pagbagsak ng Pasistang diktador, Ito rin ang hudyat na natapos na ang digmaang Italy-Germany NAZISMO - karaniwang pangalan sa Ingles para sa Pambansang Sosyalismo, at Totalitarianismo na politikal na ideolohiya at mga gawi na kaugnay kay Adolf Hitler at sa Partido ng Nazi sa Germany. Sa panahon ng pag-angat ni Hitler sa kapangyarihan noong 1930s sa Europa, ito ay madalas na tinutukoy bilang <i>Hitlerism</i> <i>Nazismo sa Germany</i> • Mula sa intelektwal na pananaw ni Hitler, ipinahayag niya ang kanyang damdamin pampulitika sa pamamagitan sa kanya ng mabangis na paraan ng diktadurya. • Hinamak nang mga Slavs, kinamumuhian ang mga Hudyo at pinagmalupitan ang lahat na lumalaban sa kanyang pamamahala. • Inihayag din ni Hitler ang kanyang panatisismo sa kanyang pananampalataya at lahi. • Ang pinakamahalagang indibidwal na kontribusyon ni Hitler sa teorya at praktikalidad ng Nazismo ay ang kanyang malalim na pag unawa sa Mass Psychology at Mass Propaganda. • Sa pagitan ng 1938 at 1945 tinangka ng rehimeng Hitler na palawakin at ilapat ang sistemang Nazi sa mga teritoryo sa labas ng German Reich. • Noong 1939, nagsimulang sakupin ng Germany ang mga nasyong hindi nagsasalita ng German.	com/place/Japan/The-rise-of-the-militarists. Britannica, T. Editors of Encyclopaedia (2024, April 17). Meiji Restoration. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Meiji-Restoration Karagdagang Sanggunian: (“Japan’s Imperial Diplomacy: Consuls, Treaty Ports, and War in
--	---	---

	• Ang pagsalakay ng Germany sa Poland gamit ang pamamaraan ng Nazismo ay nagpasimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ito ang lohikal na result ng mga plano ni Hitler. Gawain: Paggawa ng <i>slide presentation</i> ng pangkat ng mag-aaral. Hatiin sa dalawang pangkat: Pangkat Pasismo at Pangkat Nazismo. Iuulat sa harap ng klase ang mga nabuong <i>slides presentation</i>. Panonood ng <i>video</i> may kinalaman sa pag-usbong ng Pasismo sa Italya https://www.youtube.com/watch?v=ww78_pJ250 Mga Gabay na Tanong mula sa <i>video</i> 1. Ano ang kahulugan ng Pasismo? 2. Sinong lider-politikal ang nagpasimula ng pamamahalang Pasismo sa Italya? Magbigay ng maikling paglalarawan tungkol sa kanya. 3. Bukod sa pagiging isang anyo ng pamahalaan, saan pa iniuugnay ang Pasismo? 4. Isa-isahin ang mga kalagayan o kondisyong nagbigay-daan sa pagsilang ng Pasismo sa Italya. 5. Paano nawalan ng tiwala ang mga tao sa Italya kung kaya't tinalikuran ng mga ito ang demokrasya noong 1920? Panonood ng <i>video</i> may kinalaman sa pag-usbong ng Nazismo sa Germany https://www.youtube.com/watch?v=yEk6zGYwyhc Mga Gabay na Tanong mula sa <i>video</i> 1. Sino si Adolf Hitler ng Germany? 2. Ano ang layunin ni Hitler sa pagkakatatag ng Nazism sa Germany? 3. May kaugnayan ba sa relihiyon at lahi kung bakit naitatag ang Nazism sa Germany? 4. Ipaliwanag ang paniniwala ni Hitler na ang lahing bukod-tangi ay ang Aryan Race lamang Pinatnubayang Pagsasanay Panuto: Tukuyin Kung TAMA o MALI ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot bago ang bilang. (Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel) Paglalatapat at Pag-uugnay Gawain: Chart Attack	<i>China, 1895-1938” by Evan Dawley.</i> <i>The Greater East Asia Co-Prosperity Sphere: When Total Empire Met Total War” by Jeremy Yellen</i> Article link: <i>militarism japan.</i> (n.d.). https://www.britannica.com/place/Japan/The-rise-of-the-militarists. Tarling, N. (Ed.). (1999). <i>The Cambridge history of Southeast Asia: Volume 2, the nineteenth and twentieth centuries</i>. Cambridge University Press.
--	---	--

(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel).

Ikaapat na Araw

Kaugnay na Paksa 4: Militarismo sa Japan Pagproseso ng Pag-unawa

Katuturan ng Militarismo

Bilang isang imperyo, ang bansang Japan ay nakapagtatag din ng isang malakas na hukbong militar. Patunay nito ay kilala ang China-Japanese War bilang isang alitang-militar sa mga taong 1937-1945. Militarismo din ang dahilan kung bakit naging isang malakas at nakakatakot na bansa ang Japan noong World War II sa kanyang pananakupan sa Pasipiko maging sa Pilipinas.



<https://picryl.com/media/kuki-school-early-meiji-era-105279>

Meiji Restoration

- Ang MEIJI sy mula sa pangalan ni Emperador Mutsuhito na kilala din bilang *Emperador Meiji* o *Meiji the Great*. Ang kaniyang buong pangalan ay *Meiji Tennō*,
- Ang Meiji Restoration naman ay isang *coup d'état* na nagresulta sa pagbuwag ng pyudal na sistema ng pamahalaan ng Japan at ang pagpapanumbalik ng imperyal na sistema.
- Ang mga miyembro ng naghaharing *samurai class* ay nabahala tungkol sa kakayahan ng shogunate na protektahan ang bansa dahil mas maraming bansa sa Kanluran ang nagtangkang "buksan" ang Japan pagkatapos ng higit sa dalawang daang taon ng *virtual* na paghihiwalay.
- Nais nilang pag-isahin ang bansa sa ilalim ng isang bagong sentralisadong pamahalaan upang palakasin ang kanilang hukbo at ipagtanggol laban sa impluwensya ng dayuhan.
- Sa isang mas malawak na konteksto, gayunpaman, ang Meiji Restoration ng 1868 ay nakilala bilang ang panahon na nagdulot ng malaking pagbabago sa pulitika, ekonomiya, at panlipunan (1868–1912), ang modernisasyon at *Westernization* ng Japan.

Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin:

- Humanapa ng litrato ng may definition ng militarismo

	• Sa panahon ng Meiji, bagama't nakadepende pa rin ang ekonomiya sa agrikultura, ang industriyalisasyon ang pangunahing layunin ng Japan, na naka-pokus sa pagpapaunlad ng mga estratehikong industriya, transportasyon, at komunikasyon. • Pinagtibay ang slogan na "Pagyamanin ang bansa, palakasin ang hukbo" ("Fukoku kyōhei"), hinangad nilang lumikha ng isang bansang estado na may kakayahang tumayong pantay sa mga kapangyarihan ng Kanluran. • Sa unang bahagi ng ika-20 siglo, ang mga layunin ng Meiji Restoration ay higit na nakamit. Ang Japan ay malapit nang maging isang modernong industriyalisadong bansa. Ang hindi pantay na mga kasunduan na nagbigay sa mga dayuhang kapangyarihan ng mga pribilehiyo ng panghukuman at pang-ekonomiya sa pamamagitan ng <i>extraterritoriality</i> ay binago. • Ang Japan ay nakakuha ng paggalang sa mga mata ng Kanluraning mundo, at bilang isang pangunahing kapangyarihan sa mundo. Ang pagkamatay ng emperador na si Meiji noong 1912 ay hudyat ng pagtatapos ng panahon, bagama't ilan sa mga mahahalagang pinuno ng Meiji ay nagpatuloy bilang <i>genro</i> o <i>political elite</i> sa bagong rehimen (1912–26) ng Taishō emperor. <i>Greatest East Asia Co-Prosperity Sphere (GEACPS)</i> • Noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1939-1945) nabuo ang konsepto ng GEACPS sa pamamagitan ng pinag-isang bloke ng mga bansa sa Asia Pacific Region na may kakayahan at kasanayan sa ilalim ng kontrol ng Japan. • Nagkaroon ng ideolohikal na bagong kaayusan na <i>self-contained</i> na imperyo na umabot mula sa Manchuria hanggang Dutch East Indies kasama na ang China. French Indo China, Thailand at British Malaya • Sa ilalim ng slogan na ASYA PARA SA MGA ASYANO, nilayon ng Japan na tiyakin ang pampolitika at industriyal na impluwensya nito sa rehiyon. • Maraming bansa sa loob ng GEACPS ang pinagsamantalahan ng Japan sa pagsisikap nitong manalo sa digmaan. • Nilayon din nitong makuha ang mga likas na yaman ng mga bansang konrolado at mapalawak pa ang teritoryo, ekonomiya at militar ng Japan • Ikinagalit ng Japan ang mga patakaran ng Kanluranin sa mga sakop na bansang Asyano anupat hinangad ng mga pinunong Hapones na kilalanin ang kanilang bansa bilang makapangyarihan katumbas ng mga bansang kanluranin. • Muling nasangkot ang Japan sa digmaang pandaigdig anupa't nakarating hanggang Pasipiko ang digmaan maging sa Pilipinas.	
--	--	--

- Ang GEACPS ay bumagsak sa pagsuko ng Japan sa Allied Powers noong Setyembre 1945, hudyat ng pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Mga Bansa sa Timog Silangang Asya sa Ilalim ng Mananakop na Kanluranin

Bago ang pagtatatag ng Greater East Asia Co-Prosperity Sphere (GEACPS) noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga bansa sa Asya ay may magkakaibang katayuan sa pulitika, panlipunan, at pang-ekonomiya. Suriin ang talahanayan.

<i>Bansa sa TSA</i>	<i>Kalagayan bago ang pananakop ng kanluranin</i>
	Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang Pilipinas ay dumaan sa dalawang pangunahing yugto ng kolonisasyon: ang pananakop ng Espanya at ng Estados Unidos. Nagsimula ang kolonisasyon ng Espanya noong 1521 nang dumating si Ferdinand Magellan, at opisyal na naging bahagi ng Imperyo ng Espanya noong 1565. Sa ilalim ng pamumuno ng Espanya, ipinakilala ang Kristiyanismo, itinatag ang mga pueblo, at nagkaroon ng malawakang pagbabago sa lipunan at kultura. Gayunpaman, nagdulot din ito ng malawakang pagsasamantala at pang-aabuso sa mga katutubo.

	Pilipinas Noong 1896, nag-alsa ang mga Pilipino laban sa pamahalaang kolonyal ng Espanya sa pangunguna ni Andres Bonifacio at ng Katipunan. Ang Himagsikang Pilipino ay nagdulot ng kasarinlan noong Hunyo 12, 1898, sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo. Subalit, sa kaparehong taon, matapos ang Spanish-American War, ipinasa ng Espanya ang Pilipinas sa Estados Unidos sa pamamagitan ng Treaty of Paris. Agad na nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng mga Pilipino at Amerikano, na kilala bilang Philippine-American War, na nagtapos noong 1902. Sa ilalim ng pamahalaang Amerikano, nagkaroon ng mga reporma sa edukasyon, kalusugan, at imprastruktura. Itinatag ang pampublikong sistema ng edukasyon at pinalawak ang paggamit ng wikang Ingles. Ngunit, nanatili ang paghahangad ng mga Pilipino para sa ganap na kalayaan. Noong 1935, itinatag ang Commonwealth of the Philippines bilang paghahanda sa ganap na kasarinlan, na ipinangako ng Estados Unidos na ipagkakaloob pagkatapos ng sampung taon. Sa kabuuan, ang Pilipinas bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay isang bansa na dumaan sa matinding pagbabago at pakikibaka para sa kalayaan mula sa dalawang makapangyarihang kolonyal na bansa. Ang mga karanasang ito ay nagbigay-hugis sa pambansang identidad at nasyonalismo ng mga Pilipino.
	Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang rehiyon ng Indochina ay nasa ilalim ng kolonyal na pamumuno ng Pransya. Binubuo ng kasalukuyang Vietnam, Laos, at Cambodia, ang Indochina ay nasakop ng mga Pranses noong huling bahagi ng ika-19 na siglo at naging bahagi ng French Indochina noong 1887. Sa panahon ng kolonisasyon, ang mga Pranses ay nagpatupad ng mga patakarang pampulitika at pang-ekonomiya na nagbigay-daan sa kanilang kontrolin ang mga likas na yaman ng rehiyon, tulad ng goma, palay, at mga mineral. Ang kolonisasyon ay nagdulot ng malawakang pagbabago sa lipunan at kultura ng Indochina. Ang mga Pranses ay nagtatag ng mga imprastruktura tulad ng riles, kalsada, at mga paaralan, ngunit ito rin ay nagdulot ng labis na pagsasamantala sa mga lokal na populasyon. Ang mga magsasaka ay napilitang magtrabaho sa mga plantasyon at nagtiis ng mababang sahod at mahihirap na kondisyon sa trabaho. Ang pamahalaang kolonyal ay nagpataw din ng mga buwis na lalong nagpahirap sa mga mamamayan.

